


*UPD Institute of Mathematics building. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*

# Tagapagtanggol ng kalikasan

NI **MARIAMME D. JADLOC**

## Sino ba sa UP Diliman (UPD) ang hindi nakakikilala kay Fidel R. Nemenzo?



*Nemenzo (kaliwa) at Balmaceda (kanan). Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

Ika nga ni Jose Maria P. Balmaceda, PhD, dating dekano ng Kolehiyo ng Agham, at kaibigan at kasamahan ni Fidel sa Surian ng Matematika, "Literal na laking UP si Fidel."

Ang kampus ng UPD ang palaruan at tahanan niya. Dito rin namulat si Nemenzo "sa mga kaganapan sa loob ng kampus na sumasalamin sa lipunan at kalauna'y nakilahok na rin sa mga usaping panlipunan mula noong maligalig at marahas na panahon ng Martial Law hanggang sa kasalukuyan," ani Balmaceda.

Dagdag pa ni Balmaceda, simple at mapagpakumbaba si Fidel.

"Marami ang nagugulat kapag nakikita siyang nakasuot ng barong tagalog o pormal na pananamit. Sa loob ng classroom at Math building, makikita siyang naka-sandalyas at hapit na maong, tahimik, malumanay sa kilos at salita at 'di-tumatawag-pansin, maliban sa kumukuliling na mga pulseras. Noong batá-batâ pang guro ay pumapasok siyang suot ang mga napakaikli at tila nang-aakit na shorts," aniya.

May maidadagdag pa ba sa mga naisulat tungkol sa kaniya? Marahil ay wala na nga.

Ngunit, maaaring pagtuunan ng pansin ang isa pa niyang katangian.

Alam ng halos lahat na bukod sa pagiging math wiz, siya ay mayroon ding lubos na pagmamalasakit sa kalikasan.

"Sa bawat langoy at pag-akyat, nasasaksihan ni Fidel ang kababalaghan ng kalikasan at kapaligiran na lalong nagpapaigting sa kaniyang misyong mapangalagaan ito," ani Balmaceda.

**Malasakit sa tahanan.** Sa kaniyang vision paper, inilahad ni Nemenzo ang kaniyang pananaw at nais para sa kampus: "Diliman is home not only to more than 25,000 students and employees but also to a diverse ecosystem of decades-old trees and hundreds of species of flora and fauna. We need to reiterate the commitment to the protection and revitalization of this environment whose open green spaces define the overall visual image of the university community, making it unique in Metro Manila's landscape."

Ang kaniyang malasakit para sa kalikasan ng UPD ay bunsod na rin ng kaniyang pagkilala rito bilang kaniyang tahanan.

Binalangkas niya ang kaniyang mga plano para sa kalikasan ng Unibersidad sa gitna ng nararanasang pandemya.

"We shall implement a program for environmental sustainability and push for the transformation of the UPD campus into an incubator for environment-friendly practices. Let us continue to nurture our campus' rich biodiversity even amidst the influx of students and faculty when face-to-face interaction resumes," ani Fidel.

Ang kaniyang malasakit ay hindi lamang para sa Unibersidad ngunit para sa nakararami. Sa isang kumperensiya ng mga iskolar ng higher education institutes (HEIs), ipinahayag rin niya ang kaniyang saloobin ukol sa kapaligiran at kalikasan.

"We need to promote sustainable living as a philosophy and a way of life based on environmental principles, common sense, and a respect for the complex magnificence of our planet. It is crucial to understand that sustainability is an urgent and a necessary



*Dr. Gerardo D. Legaspi (kaliwa), direktor ng UP-PGH, kaibigan at bisita ni Nemenzo sa kaniyang pagpapatibay bilang ika-11 tsanselor ng UPD, at Nemenzo (kanan). Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

response to a planetary emergency which poses a direct challenge for all educators and HEIs. Our goal should be nothing less than to create new mindsets, new ways of looking, and new ways of living. We need to train a new generation of graduates who understand the connections between economics and ecology, social science and environment, urban development and planetary health — the kind of people who know that the comforts of living should not be at the expense of the planet. We must take action to protect our environment, to create a sustainable future for our children, and the generations to come," saad niya.

Sa kaniyang pamamayagpag sa akademya, buong pagmamalaking inilalahad ni Nemenzo na, "Ako po ay Batang UP. Dito sa kampus ako lumaki, nagkaisip, nag-aral, nagturo, at bumuo ng pamilya. Tinanggap ko ang hamon na maging pinuno ng UPD dahil ito ay paraan ng pag-aalay sa institusyong nag-aruga sa akin, humubog ng aking pagkatao, paniniwala't paninindigan, at nagbigay ng mga oportunidad na naging daan sa aking propesyunal na pagyabong."

**Si Fidel.** "Panganay na anak ng pinagpipitagang Dodong at Princess Nemenzo, at kapatid nina Leonid at Lian. Kabiyak ni Marivic Raquiza, PhD ng National College of Public Administration and Governance at ama ni Anton Mulawin," ani Balmaceda.

Si Fidel Ronquillo Nemenzo, batang UP. Ika-labing-isang tsanselor ng UPD.